
MULA SA UNANG PANGULUHAN



**Ni Pangulong Henry B. Eyring**
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# Patotoo at ang Aklat ni Mormon



Tuwing magbabasa ako ng kahit ilang
linya lang sa Aklat ni Mormon,
nadarama ko na lumalakas ang aking patotoo
na ang aklat ay totoo,
na si Jesus ang Cristo, [at]
na maaari natin Siyang sundan pauwi.
Para sa akin ito ang pinakadakilang aklat.
Ito ang salita ng Diyos.

*Hango sa "Ang Aklat ni Mormon bilang Personal na Gabay,"* Liahona, *Set. 2010, 4–6.*

## Isang Patotoo na Sarili Mo

Ang patotoo ay isang magandang damdamin mula sa Espiritu Santo na nagsasabi sa iyo na ang isang bagay ay totoo. Hindi ka napakabata para magkaroon ng patotoo. Gupitin ang mga piraso ng papel at ilagay ang mga ito sa isang mangkok o garapon para makapili ka ng isa bawat araw. Kapag may nadarama kang patotoo sa puso mo, sabihin ito sa isang tao!

Kantahin ang "Aking Nadarama ang Pag-ibig ni Cristo," (*Aklat ng mga Awit Pambata*, 42–43).

Kantahin ang "Getsemani" (*Liahona*, Mar. 2018, 74–75).

Tingnan ang isang larawan ng templo.

Makinig sa isang mensahe ni Pangulong Russell M. Nelson.

Tingnan ang isang larawan ni Jesus, o manood ng isang Bible video tungkol sa Kanya.

Manalangin sa Ama sa Langit at pakinggan ang damdaming nagmumula sa Espiritu Santo.


"Magpakabusog kayo sa mga salita ni Cristo; . . . ang mga salita ni Cristo ang magsasabi sa inyo ng lahat ng bagay na dapat ninyong gawin" (2 Nephi 32:3).

## Nadarama Ko ang Espiritu Santo Kapag . . .


Nagdarasal ako sa Ama sa Langit.



Iniisip ko ang templo.



Tinutulungan ko ang iba.



Kailan ka nakadama ng patotoo mula sa Espiritu Santo?

MGA PAGLALARAWAN NI BETH WHITTAKER